Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

# OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

## MUNICIPAL ORDINANCE NO 1084 C.Y. of 2026
**Enero 26, 2026**

ISANG ORDINANSA NA NAGBABAWAL SA PAGGAMIT, PAGBEBENTA, AT PAGKAKABIT NG MAINGAY AT MODIFIED NA TAMBUTSO O MUFFLER SA MGA MOTORSIKLO AT IBA PANG SASAKYAN SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN AT NAGTATAKDA NG PARUSA SA PAGLABAG DITO.

| | Receiving Office | Received By: (Print Name & Signature) | Date Received |
|---|---|---|---|
| 1 | Mayor's Ofc | | 3/31/26 |
| 2 | MPDO | | 3/31/26 |
| 3 | EA Ofc. | | 3/31/26 |
| 4 | TMU | | 3.30.26 |
| 5 | MDRRMO | | 3.30.26 |
| 6 | BPLO | | 3/31/26 |
| 7 | TREAS. OFC | | 3/31/26 |
| 8 | OSSP 1- ORIG 2- XEROX | | 4/8/26 |
| 9 | | | |
| 10 | | | |
| 11 | | | |
| 12 | | | |
| 13 | | | |

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

**Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan**

April 8, 2026
11:50
ROE

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG ENERO 26, 2026**

**MGA DUMALO:**

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

**MGA KASANGGUNI**

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 1084 TAONG 2026**

---

**May-Akda:**
Kgg. Wilfredo D. Diaz
**Sa Pagtataguyod nina:**
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano

---

**ISANG ORDINANSA NA NAGBABAWAL SA PAGGAMIT, PAGBEBENTA, AT PAGKAKABIT NG MAINGAY AT MODIFIED NA TAMBUTSO O MUFFLER SA MGA MOTORSIKLO AT IBA PANG SASAKYAN SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN AT NAGTATAKDA NG PARUSA SA PAGLABAG DITO.**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksiyon 16 (General Welfare Clause) ng Republic Act No. 7160 o Local Government Code of 1991, tungkulin ng Pamahaalang Bayan na pangalagaan ang kapayapaan, kaayusan, kalusugan, at kaligtasan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang labis na ingay na dulot ng mga sasakyang may modified, open pipe, o di-standard na tambutso ay nagdudulot ng abala, stress, at panganib sa kalusugan ng publiko;

**SAPAGKAT,** marami nang reklamo mula sa mga residente hinggil sa labis na ingay na dulot ng mga motorsiklo at sasakyang may modified o open pipe muffler;

**SAPAGKAT,** kinakailangang magpatupad ng mga local na hakbang upang maiwasan ang noise pollution at mapanatili ang katahimkan at kaayusan sa komunidad;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Panlalawigan ay nagpasa na ng Kautusan na kilala sa tawag na "Anti-Modified Muffler Ordinance of Bulacan taong 2016;

**PANGKARANIWANG PULONG**
**KAUTUSANG BAYAN BLG. 1084 TAONG 2026**

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni Kgg. Wilfredo D. Diaz na pinangalawahan ni Kgg. Divina E. Reyes, na sinang-ayunan ng lahat ng Kasanguning dumalo;

**IPINAG-UUTOS ng** Sangguniang Bayan ng Marilao ang pagpapatupad ng Kautusang Bayan na:

**SEKSIYON 1.** ***PAMAGAT.*** – Ang Ordinansang ito ay tatawaging "Kautusang Bayan na nagbabawal sa maingay at modified muffler sa Bayan ng Marilao."

**SEKSIYON 2.** ***SAKLAW NG ORDINANSA.*** – Ang Ordinansang ito ay sasaklaw sa lahat ng motorsiklo, tricycle, kotse, jeepney, at iba pang sasakyang de-motor na bumibiyahe, gumagamit, o nakarehistro at nag-ooperate sa loob ng hurisdiksiyon ng Bayan ng Marilao.

**SEKSIYON 3.** ***KAHULUGAN NG MGA TERMINOLOHIYA.*** — Para sa layunin ng Ordinansang ito, ang mga sumusunod ay bibigyang-kahulugan:

a. Maingay na Tambutso – anumang tambutso o muffler na lumilikha ng ingay na lampas sa pinahihintulutang antas ng decibel alinsunod sa mga pamantayan ng DENR, LTO, at iba pangkaukulang ahensya ng pamahalaan.
b. Modified Muffler – anumang tambutso na binago, tinanggalan ng silencer, o pinalitan ng aftermarket muffler na nagdudulot ng labis na ingay.
c. Open Pipe – tambutsong walang muffler o silencer na direktang naglalabas ng tunog ng makina.

**SEKSIYON 4.** ***IPINAGBABAWAL NA GAWIN.*** — Ipinagbabawal sa loob ng Bayan ng Marilao ang mga sumusunod:

a. Paggamit ng maingay, modified, o open pipe muffler;
b. Pagkakabit, paggawa, pagbebenta, o pamamahagi ng mga muffler o tambutso na nagdudulot ng labis na ingay;
c. Sinasadyang pagpapalakas ng tunog ng makina na nagiging sanhi ng istorbo sa publiko.

**SEKSIYON 5.** ***PAMANTAYAN NG INGAY.*** — Ang antas ng ingay na papayagan ay yaong naaayon sa umiiral na natural noise standards na itinakda ng DENR, LTO, at iba pang kaukulang ahensya. Ang anumang paglabag dito ay ituturing na paglabag sa Ordinansang ito.

**SEKSIYON 6.** ***PARUSA.*** — Ang sinumang lalabang sa Ordinansang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

| | |
|---|---|
| a. Unang Paglabag: | Multang Isang Libong Piso (₱1,000.00) |
| b. Ikalawang Paglabag: | Multang Dalawang Libong Piso (₱2,000.00) at kumpiskasyon ng muffler. |
| c. Ikatlong Paglabag: | Multang Dalawang Libo, Limang Daang Piso (₱2,500.00), kumpiskasyon ng muffler, at pagsasampa ng kaukulang kaso alinsunod sa umiiral na batas. |

**SEKSIYON 7.** ***PAGPAPATUPAD.*** — Ang Ordinansang ito ay ipapatupad ng Philippine National Police (PNP), Municipal Traffic Management Unit, at iba pang itinalagang ahensya ng Pamahalaang Bayan ng Marilao.

**PANGKARANIWANG PULONG**
**KAUTUSANG BAYAN BLG. 1084 TAONG 2026**

**SEKSIYON 8.** ***SUGNAY NG PAGHIHIWALAY*** — Kung ang alinmang probisyon ng Ordinansang ito ay ideklarang labag sa batas o walang bisa, ang iba pang probisyon ay mananatiling may bisa at epektibo.

**SEKSIYON 9.** ***SUGNAY NA NAGPAPAWALANG-BISA*** – Lahay ng ordinansa, resolusyon, o bahagi nito na hindi naaayon sa Ordinansang ito ay pinawawalang-bisa o binabago nang naaayon.

**SEKSIYON 10.** ***PAGIGING EPEKTIBO.*** – Ang Ordianansang ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos mailathala alinsunod sa itinakdang paraan at batas.

**PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA,** ngayong ika-26 ng Enero, taong 2026.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

**EDGAR P. RAMIREZ**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**ARIEL P. AMADOR**
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

**PINAGTIBAY:** 03.28.26

**ATTY. JEMINA M. SY**
Punong Bayan